## **Esther, Ang Matapang na Reyna**

(Esther 2-8)



Sa malawak at makapangyarihang kaharian ng Persia, may isang maganda at mabait na babaeng nagngangalang Esther. Ngunit bago siya kilalanin bilang Reyna Esther, ang pangalan niya ay Hadassah, siya ay inalagaan ng kanyang pinsang si Mordecai nang siya ay maulila.

Isang araw, nagpasya si Hari Xerxes ng Persia na kailangan niya ng bagong reyna. Nagpadala siya ng utos sa lahat ng mga kabataang dalaga sa kaharian na pumunta sa kanyang palasyo upang siya ay pumili ng isa sa kanila na magiging reyna. Isa si Esther sa mga kabataang dalaga na napili.

Bagamat kinakabahan si Esther, siya ay naging matatag. Nakinig siya kay Mordecai, na nagbigay ng payo na huwag niyang ipagsabi na siya ay isang Hudyo, dahil may mga tao sa kaharian na hindi gusto ang kanilang lahi. Dahil sa kanyang kabaitan at kababaang-loob ay nahulog ang loob sa kanya ng lahat sa palasyo, lalo na ang hari. Pinili siya ng hari bilang kanyang reyna, na hindi alam na siya ay isang Hudyo.

Hindi nagtagal matapos maging reyna si Esther, itinaas ni Haring Xerxes sa tungkulin si Haman at ginawa itong punong ministro. Lahat ng tauhan sa bulwagan ng palasyo ay yumuyukod at lumuluhod sa harap ni Haman bilang pagsunod sa utos ng hari. Ngunit si Mordecai, na nagmamahal sa Diyos at tapat sa kanyang mga paniniwala, ay tumangging yumukod kay Haman. Ito ay nagpagalit ng matindi kay Haman, kaya nagpasya siyang maghiganti hindi lamang kay Mordecai, kundi sa lahat ng mga Hudyo sa Persia.

Nilinlang ni Haman si Hari Xerxes upang pirmahan ang isang malupit na utos na nag-uutos ng pagkawasak ng lahat ng mga Hudyo sa kaharian. Ang petsa ay itinakda, at tila walang magagawa upang mapigilan ito.

Nang malaman ni Mordecai ang masamang plano ni Haman, ipinadala niya ang mensahe kay Esther. Hiniling niya na pumunta si Esther sa hari at humingi ng tulong. Ngunit natakot si Esther. Sa mga panahong iyon, walang nakakalapit sa hari nang walang paanyaya, kahit ang reyna! Kung siya ay pumunta nang walang permiso, maaari siyang maparusahan ng kamatayan. Ngunit pinaalala ni Mordecai sa kanya na baka kaya siya ay naging reyna para sa layuning ito—upang iligtas ang kanyang bayan. Alam ni Esther na kailangan niyang gumawa ng

hakbang, ngunit ayaw niyang kumilos nang padalos-dalos. Sinabi niya kay Mordecai na magtipon ang lahat ng mga Hudyo sa lungsod ng Susa at mag-ayuno at magdasal ng tatlong araw. Si Esther at ang kanyang mga tagapaglingkod ay gagawin din ito. Sa loob ng tatlong araw at gabi, hindi sila kumain o uminom, at nagdasal sila sa Diyos para sa lakas at patnubay.

Pagkatapos ng tatlong araw ng pag-aayuno at pagdarasal, naramdaman ni Esther ang lakas at tapang. Siya ay nagsuot ng pinakamagandang damit at pumunta sa hari, kahit na hindi siya naimbitahan. Nang pumasok siya sa silid ng trono, napatigil hininga ang lahat ng naroon. Magagalit kaya ang hari? Ngunit nang makita ng Haring Xerxes si Esther, siya ay natuwa at inilahad ang kanyang gintong scepter sa kanya, na nangangahulugang siya ay ligtas na lumapit at magsalita.

Inanyayahan ni Esther ang hari at si Haman sa isang espesyal na salu-salo na kanyang inihanda. Tinanggap ng hari ang paanyaya, at sa salu-salo, natuwa siya kay Esther at inialok na ibigay sa kanya ang anumang kanyang nais. Ngunit hindi agad humingi si Esther. Sa halip, inanyayahan niya silang dalawa sa isa pang salu-salo kinabukasan.

Sa ikalawang salu-salo, alam ni Esther na oras na para magsalita. Siya ay matapang na naghayag sa hari ng kanyang malaking lihim: "Ako ay Hudyo," sabi niya, "at si Haman ay nagplano na wasakin ang aking bayan." Galit na galit si Haring Xerxes. Iniutos niya na parusahan si Haman para sa kanyang masamang plano.

Upang iligtas ang mga Hudyo mula sa utos na ibinigay ni Haman, nagbigay ng bagong utos ang hari na nagpapahintulot sa kanila na ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa kanilang mga kaaway. Nang dumating ang araw ng pag-atake, handa ang mga Hudyo, at sa tulong ng Diyos, tinalo nila ang mga may nais na manakit sa kanila.

Sa tapang ni Esther at sa pananalangin sa Diyos at pag-aayuno niya at ng kanyang bayan, nailigtas ang mga Hudyo.

Ang Diyos ay laging kasama natin. Ang katapangang ipinakita ni Esther at ang kinahinatnan ng kuwento ay nagpapakita na ginagabayan at pinoprotektahan siya ng Diyos. Ang mga plano ng Diyos ay mas dakila at palaging mananaig. Ang pagiging reyna ni Esther ay bahagi ng plano ng Diyos para sa kanya at sa Kanyang bayan. Sa pamamagitan niya, ang mga Hudyo ay naligtas sa kabila ng kakila-kilabot na utos, na ipinalabas ni Haman.

